

# SULYAP HAIKUNG PILIPINO

Ernesto P. Santiago



Ang Pilipinas— isang tropikal na bansa na matatagpuan malapit sa dulo ng kanluran ng Karagatang Pasipiko, sa higanteng Singsing na Apoy, ngunit ito’y mas kilala sa kanyang palangiting mamamayan na may higit sa 7,100 naggagandahang mga islang indibidwal na mamahalin at tatangkilikin. Ang aming mga ninuno’y mga makata bago pa man dumating ang mga manlulupig sa bansa. Walang kaduda-duda na ang panulaan ay nasa aming dugong Pilipino at upang mapanatili itong buhay, dapat ito’y yakapin, isulat at ibahagi ng isang Pilipino. Ang panulaan ay aming kultura; ito’y palaging bahagi ng tinatawag naming “kwentong bayan”. Sa mga salita aming simbuyo ng damdamin; sa kahulugan ng mga ito aming pag-aaruga. Sa anumang panulaang anyo ikinaaaliw namin ang pagsusulat ng mga tula. Marahil isa ito sa pinakadahilan kung bakit kami’y madaling nakaangkop sa panulaang haiku.

Ang panimula ng pagsulat ng haiku sa Pilipinas ay maaaring matunton mula sa impluwensiya ng pananakop ng Hapon, 1941-1945, at sa pamamagitan ng pag-unawa nito’y makakamit ang mas mainam na pag-unawa sa kung paano ang literaturang Hapon ay ipinasimula at kung ano ang aming natutunan hanggang sa sandaling ito. Ang pagdating ng Hapon ay nagdulot ng isang magandang aspeto sa Pilipinas, at iyon ay ang pagbabawal ng literaturang Pilipino sa Ingles, na kung saan ay nagkaroon ng isang kanais-nais na epekto sa naglalahong literaturang Tagalog.

Ang makatang Pilipino na nakilalang nag-haiku ay si Gonzalo K. Flores, na kilala rin bilang Severino Gerundio, isang avant-gardeng makata noong panahon ng Hapon. Ang kapansin-pansin niyang mga haiku na nailathala sa Liwayway noong Hunyo 5, 1943 ay ang mga sumusunod:

tutubi

hila mo’y tabak...  
ang bulaklak, nanginig!  
sa paglapit mo.

anyaya

ulilang damo  
sa tahimik na ilog  
halika, sinta.

Pagkatapos ng pananakop ng Hapon ang haiku ay hindi lubos na sumibol sa Pilipinas, at ito'y nakikilalang muli nang sumulpot ang Internet. Ang haiku ay muling naipaampon ng Internet sa ilang mga indibidwal na Pilipinong manunulat. Gayunpaman, ang muling pagkabuhay ng pag-haiku sa Pilipinas ay masasabing konektado ito sa iba't ibang mga organisasyon at / o mga grupo, na tumalakay at nagtaguyod ng tulang haiku. Nasa ibaba ang ilang mga organisasyon at / o mga grupo ng haiku—

Kayumangging Awit, isang online na pagtitipon sa Yahoo ng mga makatang Pilipino na nasa Pilipinas at sa ibang bansa, at ito'y naitatag noong Oktubre 4, 2004 ni Robert Wilson, isang Amerikanong makata ng haiku na naninirahan sa Pilipinas. Si ginoong Wilson ay kapwa may-ari, kapwa tagapaglathala, at kapwa tagapatnugot at tagapanguna ng Simply Haiku, isang online na pahayagang pampanitikan na nagtatampok ng maikling anyo ng panulaang Hapon.

Bahag-hari, isa pang online na katipunan sa Yahoo ng mga Pilipinong makata-manunulat na ang kanilang mga pagpupunyagi'y dapat na mabigyang diin at mapuri, nabuo noong Marso 30, 2005. Sa maagang yugto ng kanilang pagkakatatag, ang pangunahing layunin ng Bahag-hari ay ang pagsasalin ng mga haiku ng Hapon sa wikang Pilipino.

Noong 2006, sa pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng pagtatatag ng diplomatikong relasyon ng Pilipinas at Hapon mula 1956-2006, ipinahayag ng pangulo ng Pilipinas na si Gloria Arroyo ang 2006 bilang Taon ng Pagkakaibigan ng Pilipinas at Hapon. Ang positibong impluwensiya ng deklarasyon, para sa muling panimula ng haiku sa mga Pilipino, ay ang paglikha ng unang kumpetisyong haiku sa pagitan ng mga Pilipino, na isinagawa ng Impormasyon at Sentrong Pangkultura ng Hapon, Embahada ng bansang Hapon at ang Universidad ng Santo Tomas Graduate Studies.

Ang grupong haiku ng Universidad ng Santo Tomas (UST) ay nabuo mula sa Class 2006 ng Panitikang Tsino at Hapon sa ilalim ni Dr. Milagros G. Tanlayco ng Graduate School, Universidad ng Santo Tomas, pagkatapos ng kanilang pag-aaral tungkol sa Man'yoshu ng panulaang Hapon. Ang orihinal na layunin ng grupong Haiku ng UST ay upang itaguyod ang pang-unawang mutual sa pamamagitan ng palitang pang-kultura at ipalaganap ang panulaang haiku sa pagitan ng mga Pilipino.

Noong 2008, LITRATURA: A Photography and Haiku-Writing Contest ay na-organisa ng UP Tomo-Kai upang langkapin ang literaturang Hapon sa pamamagitan ng pagkamalikhain sa potograpiyang Pilipino. Ang unang pangalan ng samahan ay UP Philippines-Japan Friendship Club, ngunit sa kalaunan ay napalitan ng mas kaakit-akit na pangalang Tomo-Kai. Ang Tomo ay hango sa Tomodachi, isang salitang Hapon na ang katumbas ay kaibigan, at ang Kai ay mula sa salitang Tagalog na Kaibigan. Ayon sa paglalarawan nito, ang "UP Tomo-Kai ay isang samahan na naglalayong itaguyod ang wika at kultura ng Hapon, at pagyamanin ang relasyong mutual sa pagitan ng mga Pilipino at mga Hapon. "

Ang mga nabanggit na organisasyon / grupo'y tumalakay at nagtaguyod sa panulaang haiku sa Pilipinas, gayunpaman hindi pa rin madaling sukatin ang kanilang mga kontribusyon sa pagsulong ng haiku ng Hapon sa Pilipinas. Ngunit siyempre sila ang mga naglaan ng daluyan para sa panulaang haiku na, sa pananaw ko, naghantong na mapasiglang muli ang mga maikling

anyo ng panulaan ng Pilipinas, tulad ng—tanaga, diona at dalit, na itinuring nang mga naglahong anyo ng sining.

Sa literaturang Tagalog ang tanaga, na mula pa noong 1500, ay madalas na mapagkamalian na tukoyin at / o ituring bilang katumbas ng Pilipinas sa haiku ng Hapon, ngunit ito’y lubos na mali. Walang ibang anyo ng sining ang maaaring tumukoy at / o kaya’y ituring na haiku, maliban sa haiku. Ang Tanaga ay dapat na pahalagahan tulad ng haiku na kinawiwilihan. Sa aking pananaw, ano mang anyo ng panulaan ay dapat na tunguhin sa kung anong anyo meron ito. Bawat panulaan / sining ay hindi iiral nang walang anomang kadahilanan. Samakatuwid, upang lubos na maunawaan at mapahalagahan ang haiku, ang publiko’y dapat mag-haiku; upang matangkilik ang tanaga, ang publiko’y dapat mag-tanaga. Ating sulyapin ang mga maikling anyo ng panulaang Pilipino—tanaga, diona, at dalit.

Ang tanaga ay isang tula na may apat na taludtod, na binubuo ng pitong pantig kada taludtod at may tugmaang aaaa, aabb, abba, o abab. Walang pamagat ang mga tulang tanaga. Ang nasa ibabang halimbawa’y aking mga tanaga.

bango ay todo bigay  
rosas siyang donselya  
tinik na kapamilya  
hindi man lang mapugay

huwag mo nang salingin  
mga taong mahahangin  
‘yaan sila’y tumingin  
sa wagas mong pagtingin

Ang diona ay isang pre-Hispanikong tulang may isahang tugma na binubuo ng tatlong taludtod at may pitong pantig bawat taludtod na nagpapahayag ng isang buong ideya. Bilang halimbawa aking mga tulang diona.

isang mapulang apol  
sa’yo lagi kong ungol  
na ayaw kong pumatol

ang gabing walang katol—  
si tatay umuungol  
sa paggawa ng sangol

isdang liit lang naman  
aking pakakawalan  
sa tiyang walang laman

Ang dalit ay isa pang uri ng maikling tulang Pilipino na binubuo ng apat na taludtod at may walong pantig bawat taludtod. Isang laganap na uri ng panulaang Pilipino sa panahon ng Espanyol, at ang mga prayle’y ginamit ang dalit upang itaguyod ang Katolisismo. Bilang halimbawa aking mga dalit.

bakit sa banyagang dila  
bow ng bow, tula ng tula  
ngunit sa sariling wika  
isang kahig, isang tuka

nagnais akong matanaw  
ang sikat ng unang araw  
ngunit sa gutom at uhaw  
si nanay ako'y hinilaw

Ang Tagalog, o mas kilala bilang Pilipino, ay ang pambansang wika ng Pilipinas. Sa kanyang tula “Sa Aking Mga Kabata” si Dr. Jose P. Rizal, pambansang bayani ng Pilipinas, ay hinimok ang mga Pilipino na gamitin ang Tagalog sa kanilang mga pagsulat. Upang ipagunita ang pagtatatag ng wikang Pilipino bilang pambansang wika ng Pilipinas, ang nasa ibabang sipi na mula sa tula’y madalas ulit-aralin sa Buwan ng Wika.

Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika,  
masahol pa sa hayop at malansang isda

Ang Tagalog ay isang naiiba at magandang wika; nakakalikha ito ng mga makahulugang tula sa anumang palatulaang anyo. Ang pagsulat ng haiku ng Hapon o Ingles sa Tagalog ay hamak na di madali kung sa wika’y hindi pamilyar; gayunpaman, ang pagbabasa ng mga tulang Tagalog ang pinakamahasag na paraan upang matutunan ang wikang Tagalog.

Ang pagsasalin ng haikung Tagalog sa anumang wika (at bisebersa) ay mas mahirap kaysa sa pagsulat nito, dahil sa nasisiyahan kami hindi lamang sa pagiging ekspresibo nito, sa kanyang diwa, sa kanyang balangkas, ngunit gayon din sa palatulaang tunog nito. Habang ang tradisyonal na haikung Ingles ay isang tulang may pantig na 5-7-5 at walang tugma, (at ang haikung Hapon ay umaasa sa simbolismo at may eksaktong bilang ng moras), ang haikung Pilipino o lokal na kilala bilang Pinoy haiku, isang samu’t-sari ng haikung Hapon at mula sa dalawang taludtod ng tanaga, ay nasusulat sa 7-5-7 na pantig at may huwarang rima na a-a-a, a-b-a, a-a-b, a-b-b, o a-b-c. Ang nasa ibabang mga halimbawa’y aking Pinoy haiku.

masid ang mga tala...  
utak gumana  
mga tuldok tinala

ang hating-gabing simoy  
galak na galak  
sampaguita’y nangamoy

Ang mga salitang Tagalog ay mas higit ang silaba, kaysa sa mga salitang Ingles. Sa kadahilanang ito, hindi maiwasan huwag sundan ang haikung Ingles na may balangkas na 17 silaba, bagaman ito’y batay sa labis na kamalian ng pag-unawa. Sa pagsulat o pagsalin ng haiku, ang mga moras ng Hapon ay hindi katulad ng mga silabang Ingles at / o Tagalog.

Sa palagay ko ito’y naaayon na lang sa punto ng pansariling kagustuhan: karamihan sa mga Pilipinong makata ng haiku ay sumusulat ng haiku sa Tagalog sa anyong may pantig na 7-5-7 ng

Pinoy haiku, ang ilan naman ay sa estilo ng malayang taludturan, at ang mga iba'y mas pili ang huwarang Ingles na may pantig na 5-7-5.

May mga makatang Pilipino na sumusulat ng haiku sa kapwa Ingles at Tagalog, ngunit ang kanilang mga gawa'y kadalasan natatampok sa labas ng bansa at / o direktang pinapaskil sa mga Pilipinong palatulaang website o sa kanilang mga pansariling blog. Walang pang mga prentang publikasyon / pahayagan ng haikung Pilipino sa Pilipinas.

Narito ang isang pares ng aking bilingguwal English-Tagalog haiku na unang nailathala sa Simply Haiku, January 2012 – Simply Haiku Autumn/Winter 2011, Vol. 9 Nos. 3 & 4.

nowhere  
to go— the old guitar,  
and rain song

walang  
mapuntahan— ang lumang gitara,  
at awit ng ulan

fireflies  
... the light bearers  
stop so soon!

mga alitaptap  
... ang mga may dala ng liwanag  
tumigil agad-agad!

Mga iba pang bilingguwal English-Tagalog haiku na nailathala sa Ardea issue 2, Agosto 2012.

sipping green tea...  
on the antebellum back porch  
the foraging bees

sumisipsip ng tsaang berde...  
sa likurang beranda na antebellum  
mga pukyutang naghahanap ng pagkain

a late summer tide...  
the rising and falling  
of a tenor's voice

taog sa katapusan ng tag-init...  
ang pagtaas at pagbaba  
ng boses ng isang tenor

Sa kasalukuyan ang pagsulat ng panulaang haiku ay nagiging isang paksang pang-araw-araw sa buhay Pilipino, sining at literatura. Ang haiku ay muling naisilang at duduyan-duyan sa katuparan sa puso ng mga Pilipino. Ngunit sa tingin ko kailangan pa rin ang magkaroon ng higit pang palitang pangkultura, gaya ng mga haikung pagdiriwang, pagbabasa ng panulaang haiku,

mga paligsahan, mga libro / prentang publikasyon, atbp, upang maipagpatuloy ang tradisyon ng haiku sa Pilipinas. May natatanging bagay ang haikung Pilipino na hindi mo maaaring hindi hangaan ito, na pakiramdam mo'y kaylapit ng iyong loob sa Pilipinas. Sa pangkalahatan, ang panulaang Pilipino'y hindi lamang magandang kaayusan ng mga salita; ito'y lumalangkap ng pilosopiya, pag-ibig sa mundong kalikasan, at katotohanan tungkol sa buhay Pilipino, sining at kultura. Bawat tapyas ng buhay, aming ipinagdiriwang upang maunawaan ang aming mga sarili.

Talasanggunian:

- Simply haiku: <http://simplyhaikujournal.com/>
- Panitikan.com.ph Your Portal To Philippine Literature:  
<http://panitikan.hostingsiteforfree.com/organizations/usthaiku.htm>
- UP Tomo-Kai: <http://www.tomokai.co.nr/>
- Ardea: <http://www.ardea.org.uk/santiago.html>
- Panitikan Sa Pilipinas'2001 Ed. By Rubin, Et Al-
- Wikipedia: [http://en.wikipedia.org/wiki/Sa\\_Aking\\_Mga\\_Kabata](http://en.wikipedia.org/wiki/Sa_Aking_Mga_Kabata)

Si Ernesto P. Santiago ay naninirahan sa Atenas, Gresya, kung saan malugod niyang ginagalugad ang mala-tulang katha ng kanyang katinuan, at kamakailan siya'y nahumaling sa pag-aaral ng haiku at ang kaugnay nitong mga anyo. Siya'y miyembro ng Haiku Society of America, Italian Haiku Association, World Haiku Association, at United Haiku and Tanka Society.

-MGA REPRESENTANTENG TULANG HAIKU-

Angelo Ancheta (Tagalog)

tuyong dahon  
sa bangketa isang bata  
may kinakalansing

bakasyon sa tag-init  
batang-kalye nagtitinda  
ng tubig-yelo

--*Simply Haiku* Winter 2011

Alee Imperial Albano (Iluko)

agtartarikitik a tudo  
iti rupa ti bulan...  
saning-i ti maladaga

baut ti dalluyon  
sumursurot ti baybay  
iti tunggal anges

--Philippine Haiku FB group

Victor Gendrano (Tagalog)

malayong pampang  
nais niyang bumalik  
sa pinanggalingan

magkahawak na matanda  
natutuwa sa sulyap  
ng mga bata

--*Haiku and Tanka Harvest*, 2012 Heritage Publishers

Anne Carly Abad (Tagalog)

Nagaraya--  
ang matatandang lalaki  
parang bago ang ngipin

mahabang lakbayin ...  
bihis sa mga puting katawan  
ng pagsinta

--Philippine Haiku FB group

Willie Bongky (Tagalog)

daluyong:  
kaliwa't kanang dagundong  
ng mga alon

sa kabila  
ng mga labi at luha...  
muling pagbangon

--Philippine Haiku FB group

Melchor Cichon (Aklanon)

salampati sa hawla--  
siniad-siad nga kaeangitan  
sa chicken wire

Edsa--  
ginbayaw ni Gabriela  
ro koronang barbed wire

--Philippine Haiku FB group

Mila DelaRosa (Tagalog)

bumubuhos na ulan  
iisang payong  
sa pagitan ng mga balikat

maagang buhang-liwayway  
kulay ng ember nagiging bughaw  
payapang tubig kaniig ang langit  
--Philippine Haiku FB group

Chrissi Villa (Tagalog)

ambon sa gabi  
himig ng kanyang gitara  
nagpapasamyo sa hangin

awit ng ibon  
hindi na kailangang alamin  
ang kulay ng pakpak  
--*Haigaonline* Vol. 12, Issue 2, December 2011

Ernesto P. Santiago (Tagalog)

malamig na dagat sa gabi  
hinaharap ang bigat  
ng bangkang butas  
--*Ardea* Issue 3

araw lumulubog  
nais kong tandaan mo  
mahal kita  
--*Ginyu* #59, 2013, Japan

Armineonila M. (Tagalog)

pabrikang baboy  
bahag-haring panaginip-  
organiko

kalbong akasya  
umampon sa mga bubuyog  
wallpaper  
--Philippine Haiku FB group





